# Bakit Kami Nagtatanong

## Madali lang ang 2020 Senso. Simple lang ang mga tanong.

Ang mga sagot sa mga katanungan ng senso ay nagbibigay-larawan sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. Naaapektuhan ng mga resulta ng senso ang inyong boses sa gobyerno, kung magkano ang pagpopondong matatanggap ng inyong komunidad, at kung paano magpaplano ang inyong komunidad para sa hinaharap.

### Kapag sinagutan mo ang senso, makakatulong ka na:

Matukoy kung ilang puwesto ang makukuha ng inyong estado sa Kongreso.

Ipagbigay-alam kung paano ipamamahagi ang mahigit sa $675 bilyon na pagpopondo ng pederal sa mga estado at komunidad bawat taon.

Lumikha ng mga trabaho, maglaan ng pabahay, maghanda para sa mga emerhensiya, at magtayo ng mga paaralan, kalsada, at ospital.

## Hihingin ng 2020 Senso ang mga sumusunod na impormasyon:

### Dami ng tao sa address

Itinatanong namin ito upang makakolekta ng tumpak na bilang ng dami ng tao sa bawat address sa Araw ng Senso, Abril 1, 2020. Bawat dekada, tinutukoy ng mga resulta ng senso kung ilang upuan ang makukuha ng inyong estado sa Kongreso. Ginagamit ng mga opisyal ng estado at lokal na gobyerno ang mga bilang ng senso upang gumawa ng mga hangganan para sa mga kongresyonal na distrito, mga distritong lehislatibo ng estado at mga distrito ng paaralan.

### Sinumang karagdagang taong nakatira o namamalagi

Layunin namin na bilangin ang mga tao nang isang beses lang, at sa tamang lugar ayon sa kung saan sila nakatira sa Araw ng Senso. Sa pagsasaalang-alang ng layuning ito, itinatanong namin ang tanong na ito upang masigurado na ang bawat isang nakatira sa isang address ay nabilang.

### May-ari/Nangungupahan

Itinatanong namin kung ang isang bahay ay pag-aari o inuupahan upang gumawa ng estadistika tungkol sa pagmamay-ari ng tahanan at mga nangungupahan. Ang mga antas ng pagmamay-ari ng tahanan ay nagsisilbing tagapahiwatig ng ekonomiya ng bansa at nakatutulong sa pangangasiwa ng mga programang pabahay at pagbibigay-kaalaman sa mga desisyon ng pagpaplano.

### Numero ng telepono

Hinihingi namin ang numero ng telepono kung sakaling kailanganin naming tumawag sa iyo. Hindi namin ibabahagi ang inyong numero at tatawagan lang kayo kung kinakailangan para sa opisyal na trabaho ng Kawanihan ng Senso.

**2020CENSUS.GOV/tl**

Bigyang hugis ang inyong kinabukasan
MAGSIMULA DITO >

United States Census 2020

D-FS-AS-TG-116

## Pangalan

Hinihingi namin ang mga pangalan upang matiyak na ang bawat isang nasa bahay ay nabibilang. Nakakatulong din ito para mapanatili namin ang talaan ng inyong mga ninuno. Nakatutulong ang paglista ng pangalan ng bawat taong nasa sambahayan sa mga tagasagot na isama ang lahat ng miyembro, lalo na sa malalaking sambahayan kung saan maaaring makalimutan ng isang tagasagot kung sino ang nabilang na at sino ang hindi pa.

## Kasarian

Itinatanong namin ang kasarian ng bawat tao upang lumikha ng estadistika tungkol sa mga lalaki at babae. Ginagamit ang data ng senso tungkol sa kasarian sa pagpaplano at pagpopondo ng mga programa ng gobyerno, at sa pagsusuri ng iba pang programa at patakaran ng gobyerno upang matiyak na patas at pantay-pantay nilang naihahatid ang mga pangangailangan ng mga lalaki at babae. Ginagamit din ang mga estadistikang ito upang ipatupad ang mga batas, regulasyon at patakarang laban sa diskriminasyon sa mga programa ng gobyerno at sa lipunan.

## Edad at petsa ng kapanganakan

Itinatanong namin ang edad at petsa ng kapanganakan upang maunawaan ang sukat at mga katangian ng iba't ibang grupo ng edad at upang mailahad ang ibang data ayon sa edad. Ginagamit ng mga ahensiyang lokal, estado, panlipi, at pederal ang mga data ng edad upang magplano at magpondo ng mga programa ng gobyerno na nagbibigay ng tulong o mga serbisyo para sa mga partikular na grupo ng edad, tulad ng mga bata, mga adult na nasa edad ng pagtatrabaho, mga babaeng nasa edad na ng pag-aanak o ang populasyon ng mas matatanda. Tumutulong rin ang mga estadistikang ito upang ipatupad ang mga batas, regulasyon at patakarang laban sa diskriminasyon sa mga programa ng gobyerno at sa lipunan.

## Hispaniko, Latino o Espanyol na pinagmulan

Itinatanong namin ang tungkol sa kung ang isang tao ay Hispaniko, Latino o Espanyol ang pinagmulan upang lumikha ng estadistika tungkol sa mga grupong etniko na ito. Ang data na nakokolekta sa tanong na ito ay kailangan ng mga ahensiyang pederal upang masubaybayan ang pagsunod sa mga probisyong laban sa diskriminasyon, tulad ng nasa ilalim ng Batas ng Karapatan sa Pagboto at ng Batas ng mga Karapatang Sibil.

## Lahi

Itinatanong namin ang lahi ng isang tao upang gumawa ng estadistika tungkol sa lahi at upang maglahad ng ibang estadistika ayon sa mga grupo ng lahi. Ang data na nakolekta sa tanong na ito ay kailangan ng mga ahensiyang pederal upang masubaybayan ang pagsunod sa mga probisyong laban sa diskriminasyon, tulad ng nasa ilalim ng Batas ng Karapatan sa Pagboto at ng Batas ng mga Karapatang Sibil.

## Kung ang isang tao ay nakatira o nananatili sa ibang lugar

Layunin naming bilangin ang mga tao nang isang beses lang, at sa tamang lugar ayon sa kung saan sila nakatira sa Araw ng Senso. Sa pagsasaalang-alang ng layuning ito, itinatanong namin ang tanong na ito upang masigurado na ang mga indibidwal ay hindi naisama sa maraming address.

## Relasyon

Tinatanong namin kung ano ang relasyon ng bawat tao sa pinuno ng isang sambahayan para makalikha kami ng mga tantiya tungkol sa mga pamilya, mga sambayahan, at iba pang mga grupo. Ginagamit ang mga data ng relasyon sa pagpaplano at pagpopondo ng mga programa ng gobyerno na nagbibigay ng mga pondo at serbisyo para sa mga pamilya, taong naninirahan o nagpapalaki ng mga bata nang mag-isa, mga lolo/lola na naninirahang kasama ang mga apo, o iba pang sambahayang karapat-dapat para sa karagdagang tulong.

Para sa karagdagang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV/tl**

D-FS-AS-TG-116

**Bigyang hugis ang inyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO >**

United States® Census 2020